

# Sistema ng panlipunang seguridad para sa mga dayuhang mamamayan na nangangailangan <タガログ語>

Batay sa impormasyon bilang ng Pebrero 5, 2021

## 1. Tulong pampubliko

- Ang sakop na katayuan ng residente: Para sa mga walang paghihigpit na aktibidad sa Japan tulad ng – espesyal na permanenteng residente, permanenteng residente, mga asawa ng Hapones, asawa ng permanenteng residente, pangmatagalang residente at ang katayuan ng mga refugee.
- Mga kondisyon: Ang isang tao na hindi makahanap ng trabaho o hindi makayang kumita ng pera upang mabayaran ang mga pangangailangang gastos sa pamumuhay sa kabila ng kanilang pagtatrabaho. Ang isang tao na hindi makakakuha ng sapat na pera upang mabayaran ang mga pangangailangang gastos sa pamumuhay sa kabila ng paggamit ng mga benepisyong seguridad pang-lipunan tulad ng pensiyon atbp. Ang isang tao na hindi magamit agad ang mga pag-aari tulad ng real estate, sasakyan at pagtitipid mga impok.

Minimum na gastos sa pamumuhay	
Kita mula sa pensiyon, pangtustos sa pangangalaga ng bata, atbp.	Ang perang ibibigay para sa benepisyong kapakanan

- Makipag-ugnay: Kumunsulta sa tanggapang kapakanan sa opisina ng lokal na munisipyo. Marami pang ibang mga panuntunan na sinusunod upang matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa pampublikong tulong. Kumunsulta muna sa tanggapang kapakanan. Ang mga aplikasyon ay tinanggap sa munisipalidad kung saan naroon ang iyong tirahan.
- Karapatan: Ibibigay ang minimum na gastos sa pabahay at sa ikinabubuha pati narin ang mga gastos sa pangangalagang medikal ay tinutulungan ng pampublikong pondo.
- Tandaan: Ang iyong hindi matatag na kabuhayan ay maaaring maging hindi kanais-nais na bahagi sa pag-renew ang iyong katayuan bilang residente.

## 2. Pongong pautang para sa kapakanang pamumuhay

- Makipag-ugnay: Munisipalidad ng konsehong pang kapakanang pamumuhay <Maliit na pondo ng pang kagipitan>
- Mga makakatanggap: Ang sambayahan na humaharap sa pagbaba ng kita dahil sa suspensyon ng trabaho dahil sa COVID-19.
- Halaga ng pautang: 200,000-yen para sa sambayahan na mayroong anak na ang paaralan ay sarado, o may-ari ng pribadong negosyo. 10,000-yen para sa iba pang mga kaso.
- Takdang panahon ng pagbabayad: sa loob ng dalawang taon.

<Komprehensibong pondong pang suporta>

- Mga makakatanggap: Ang mga sambayahan na nakakaranas ng paghihirap pang pinansyal dahil sa pagka bawas ng kita o kawalan ng trabaho sanhi ng COVID-19.
- Halaga ng pautang: 200,000-yen kada buwan para sa sambayahan ng dalawang katao,

100,000-yen kada buwan para sa sambayahan ng isang tao.

- Takdang panahon ng pagbabayad: sa loob ng sampong taon

Ang mga sambayahan na walang bayad na buwis sa petsa ng kapanahunan ng pagbabayad ay maaaring maibukod sa pagbabayad ng utang.

### 3. Benepisyong pangbayad upang ma-secure ang pabahay (sa loob ng Ibaraki)

- Mga makakatanggap: Ang mga walang trabaho o nagsara ng kanilang negosyo sa nagdaang dalawang taon, o ang mga nasa katulad na sitwasyon (maaari kayong matanong na ipaalam ang inyong pay-slip).
- Panahon ng pagbabayad: tatlong buwan (maaaring mapalawak hanggang siyam na buwan kung ang tao ay naghahanap ng trabaho).
- Makipag-ugnay: Organisasyong nagpapayo ng pagsuporta sa sarili sa iyong lokal na gobyerno (kagawaran ng kapakanang pang lipunan o konseho ng kapakanang pang lipunan)
- Halaga ng pagbayad: Nag-iisang sambahayan: maximum 34,000 yen, Dalawang taong sambahayan: maximum 41,000 yen, tatlo hanggang limang sambahayan: maximum 44,000 yen.  
Babayaran ng gobyerno ang upa sa bahay sa loob ng saklaw ng batayang halaga.

\*Karagdagang impormasyon tungkol sa halaga ng pagbabayad

Ang maximum na halaga ng upa ay babayaran ng mga tao na may pareho o mababang buwanang kita kaysa sa karaniwang halaga (A).

Ang mga kumikita ng buwanang kita sa pagitan ng karaniwang halaga (B) at halaga ng pamantayang kita (A) ay tumatanggap ng halagang kinalkula ayon sa pormula sa ibaba.

**Halaga ng pera = totoong upa (hindi kasama ang singil sa serbisyo) + karaniwang halaga ng pera (A) – kita ng kabayahan**

Laki ng sambahayan	Karaniwang halaga ng pera (A)	Karaniwang halaga ng kita (B)
1 person	78,000	112,000
2 people	115,000	156,000
3 people	140,000	184,000
4 people	175,000	219,000
5 people	209,000	253,000

- Ang mga financial assets (ang kabuuang halaga ng mga deposito at impok ng sambahayan ay dapat pantay o mas mababa sa sumusunod na halaga: Nag-iisang sambahayan 468,000 yen, Dalawang taong sambahayan 690,000 yen, Tatlong taong sambahayan 840,000 yen, Apat hanggang limang taong sambahayan 1 million yen.

### 4. Allowance para sa bata

- Mga makakatanggap: Ang taong nagaalaga ng bata bago magtapos sa junior high school.
- Halaga ng pagbabayad: Wala pang 3 taong gulang – 15,000 yen, mula sa 3 taong gulang hanggang sa magtapos ng elementarya – 10,000 yen (15,000-yen para sa pangatlong anak o hingit pa). Junior high school – 10,000 yen.

- Panahon ng pagbabayad: tuwing Hunyo, Oktubre at Pebrero para sa apat na buwang panahon. Ang halaga ng apat na buwan hanggang sa buwan bago ang panahon ng pagbabayad ay babayaran.

Makipag-ugnay: Tanggapan sa iyong lokal na gobyerno

## 5. Sustento para sa pagpapalaki ng bata

- Mga makakatanggap: Ang pamilyang may solong magulang na hindi tumatanggap ng pampublikong pensyon.
- Kundisyon: Ang tatay, nanay at mga tagapag-alaga na nagaalaga ng mga batang wala pang 18 taong gulang (o hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos tumungtong sa edad na labing-walo na may mga sumusunod na kundisyon.

Ang mga bata na ang mga magulang ay hiwalay, Ang mga bata na ang tatay o nanay ay namatay, Ang mga bata na ang tatay o nanay ay may tiyak na antas ng kapansanan, Ang-mga bata na ang tatay o nanay ay nawawala, atbp.

\*Ang pag-aasawa at hiwalayan ay kailangang bigyan ng ligal nang hindi na talaga magpatuloy ang relasyon.

- Buwanang pangtustos (ang buong halagang ibibigay): isang bata - 43,160 yen, dalawang bata - +10,190 yen, tatlo o higit pa – 6,110-yen bawat bata.
- Makipag-ugnay: tanggapan sa iyong lokal na gobyerno

## 6. Tulong pinansyal para sa pagpasok sa paaralan

- Mga kondisyon: Ang mga magulang o tagapag-alaga ng mga bata na naka-enrol sa elementarya o Junior high school at nasa sambahayan na may kahirapan upang pag-aralin ang bata sa paaralan mga ngangailangan ng tulong pang pinansyal gaya ng pamilyang:
  - Mga sambahayan na humaharap sa kagipitan ng pamumuhay dahil ang tulong para sa kapakanang pang tao mula sa gobyerno ay nasuspende o nakansela.
  - Tagapag-ala na walang trabaho o may matagal ng karamdaman na nag dudulot ng makabuluhang mababang kita.
  - Sambahayan na ang kabuuang kita ng lahat ng miyembro ng pamilya sa nakaraang taon ay mas mababa kaysa sa sertipikadong batayang halaga.
- Ang mga ibibigay na panustos: gamit sa paaralan, gamit sa paaralan para sa pagpasok, pananghalian sa paaralan, bayad para sa lakbay-aral sa paaralan
- Makipag-ugnay: Elementarya/Junior high school o lupon ng edukasyon sa munisipyo

## 7. Pansamantalang Espesyal na Benepisyo para sa Pamilyang may pinapalaking bata

- Mga karapat-dapat na makakatanggap: Mga tatanggap ng pangtustus ng bata sa Abril 2020
- Halaga ng pagbabayad: 10,000-yen sa bawat karapat-dapat na bata
- Sa mga makakatanggap ng tulong ay bibigyan ng abiso mula sa lokal na gobyerno kung saan kayo nakatira hanggang Marso 31, 2020.

## 8. Pansamantalang Espesyal na Benepisyo para sa mga Pamilyang may Solong Magulang na may Mababang Kita

- Mga makakatanggap: 1. Mga nakatanggap ng sustentong pangangalaga ng bata para sa Hunyo 2020 /

2. Mga nakatanggap ng pampublikong pensiyon, atbp. At ang mga sustento para sa pangangalaga ng bata para sa Hunyo ay masususpende ng buo. / 3. Ang mga tumanggap ng parehong antas ng kita sa mga tumangtanggap ng sustentong pangangalaga ng bata, bilang isang resulta ng biglaang pagbabago ng pinansyal ng sambahayan dahil sa impluwensya ng COVID-19)

- Halaga ng pagbabayad: 50,000-yen bawat sambahayan. Karagdagang 30,000-yen bawat bata pagkatapos ng pangalawang anak.
- Aplikasyon: Hindi kailangan para sa ①. Mangyaring isumite ang aplikasyon at kinakailangang mga dokumento direkta sa iyong lokal na gobyerno para sa ② at ③.

## 9. Pangtustus para sa Nagkapinsala at may Sakit

- Mga makatatanggap: Sa mga nakatala sa pambansang kaseguraduhang pangkalusugan, mga hindi makapag trabaho dahil sa pinsala o karamdaman na hindi nauugnay sa trabaho, at ang mga apat na araw ng lumiliban sa trabaho.

\*Ang mga umaasa sa may-ari ng health insurance at mga hindi naka-enrol sa social insurance ay hindi kasama.

- Panahon ng pagbabayad: Hanggang sa 1 taon at 6 na buwan mula sa petsa ng pagtanggap ng tulong
- Kabuuang bayad ng Benepisyo: Ang  $1/30$  ng average ng buwanang sweldo ng nakaraang 12 na buwan x  $2/3$  x Bilang ng araw para bayaran
- Makipag-ugnay: Sa iyong employer o sa tagabigay ng iyong health insurance (health insurance association, insurance union, atbp.)

\*Ang pangtustus ay maaring maibigay para sa taong nahawahan ng coronavirus at mga lumiban sa trabaho dahil sa pag kakaroon ng lagnat.

## 10. Perang tulong para sa suspension ng Negosyo dahil sa pag-iwas sa COVID-19

- Mga makakatanggap: Sa mga manggagawa ng maliit at katamtamang laki ng negosyo na pinag leave sa trabaho dahil sa impluwensya ng bagong coronavirus at bilang hakbang upang maiwasan ang pagkalat nito, ang mga manggagawa na hindi nakatanggap ng sahod (leave allowance). Ang mga hindi naka insured ay karapat-dapat din.
- Halaga ng pagbayad: 80% (Maximum na buwanang halaga ay 330,000-yen ng sahod bago ang pag leave sa trabaho.
- Makipag-ugnay: Mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Health, Labor and Welfare. Maaaring mag-apply on-line or sa pamamagitan ng koreo.

★Checklist ng pagiging karapat-dapat

	Katayuan ng residente	Delinkwentong pagkakasala sa buwis
1.Tulong para sa kapakanan ng tao	Mangyaring tignan ang pahina 1	Walang kinakailangan para sa pagkakasala sa buwis
2. Utang sa pondo ng kapakanang sa pamumuhay	Maaaring makatanggap nito anuman ang katayuan ng residente kung natutugunan ang mga kinakailangan	Maaaring may pagkakataon na makatanggap ng pautang sa kabila ng may hindi bayad na buwis
3.Benepisyo sa pag-secure ang pabahay	Maaaring makatanggap nito anuman ang katayuan ng residente kung natutugunan ang mga kinakailangan	Walang kinakailangan para sa pagkakasala sa buwis
4. Allowance para sa bata	Katamtaman hanggang sa matagalang residente / Espesyal na permanenteng residente. Hindi karapat-dapat makatanggap pagkatapos nawala ang katayuan ng paninirahan	Walang kinakailangan para sa pagkakasala sa buwis
5.Sustentong para pagpapalaki ng bata	Katamtaman hanggang sa matagalang residente / Espesyal na permanenteng residente. Hindi karapat-dapat makatanggap pagkatapos nawala ang katayuan ng paninirahan.	Walang kinakailangan para sa pagkakasala sa buwis
6.Tulong pinansyal para sa pagpasok sa paaralan	Maaaring makatanggap nito anuman ang katayuan ng residente kung natutugunan ang mga kinakailangan	Hindi naaprubahan kung hindi nagbabayad ng buwis sa paninirahan
7.Pansamantalang Espesyal na Benepisyo para sa mga Pamilyang may pinapalaking bata	Maaaring makatanggap nito ang mga tumatanggap ng allowace ng bata sa Abril 2020.	
8. Pansamantalang Espesyal na Benepisyo para sa mga Pamilyang may Solong Magulang na may Mababang Kita	Maaaring makatanggap nito ang mga tumatanggap ng allowace ng bata sa Abril 2020.	
9. Tustos para sa Nagkapinsala at may Sakit	Maaaring makatanggap nito kung naka insured sa social insurance na hindi alintana ang katayuan ng paninirahan	Walang kinakailangan para sa pagkakasala sa buwis
10. Perang tulong para sa suspension ng Negosyo dahil sa pag-iwas sa COVID-19	Ang mga nagtatrabaho ng ligal sa Japan na may katayuang residente kasama na ang Technical Intern Trainees.	Walang kinakailangan para sa pagkakasala sa buwis

※ Ang mga katamtaman hanggang matagalang residente ay mga dayuhan na hindi naaangkop sa ① sa ⑤.

1 Ang mga tao na ang tagal ng pananatili ay 3 buwan o mas mababa.

2 Ang mga tao na ang katayuan ng residente ay “pansamantalang bisita”, “diplomatiko” or “opisyal”.

3 Ang mga kinikilala ng ordenansa ng Ministry of Justice na katumbas ng mga dayuhang national sa ① at ②.

4 Espesyal na permanenting residente

5 Ang mga taong walang katayuan ng residente.

Ang mga halimbawa ng “katamtaman hanggang matagalang residente” ay permanenting residente, matagalang residente, asawa ng mga Japanese national, at ang mga katayuan sa trabaho ay “inhenyero”, “dalubhasa sa humanities / international services”, atbp.

Nag-edit ng Ibaraki NPO Center COMMONS

0297-44-4281 / 070-2303-7408 (English, Portuges)

E-mail : [global@npocommons.org](mailto:global@npocommons.org) Website: <http://peer-joso.com/>